

**REPORT: Virtual Dialogue sa pagitan ng Sentro Pilipino Chaplaincy at mga kinatawan ng Embahada ng Pilipinas sa Roma**

*Ika-4 ng Marso 2021 (Huwebes, 5:00-7:00 PM)*

*Mula sa Embahada dinaluhan ito nina Hon. Amb. Domingo P. Nolasco, Ms. Haney Lynn G. Siclot Labor Attache'; Ms. Norlita P. Lugtu, Welfare officer; Ms. Laila Gutierrez, Pag-ibig service officer; Mr. Ruel A. Velasco, SSS representative at moderator Ma. Claribel M. Ochoa, Vice Consul Administrative Section*

*Mula naman sa Sentro Pilipino Chaplaincy (SPC) ito ay dinaluhan nina Fr. Aris Miranda, MI, Sr. Ma. Carlita B. Siega, RVM, Teddy Dalisay, Pastoral Council President; Cynthia dela Cruz, SAC; Lito Viray; Flordeliza Ricardio, Flora Ventura, Edgar Bonzon, Quintin Cavite, Romeo Sergio at Victor Salloman.*

*Maliban sa SPC ang mga ipinaabot na mga concerns at katanungan ay bunga ng dalawang araw na konsultasyon sa mga Philcom leaders na nagmula sa gitna at silangang Italya.*

*Sa kanyang pambungad ng pananalita, ipinaalala ni Amb. Nolasco na ang nagaganap na dialogue ay isang continuing engagement sa Sentro Pilipino para i-addressed ang mga concerns ng ating mga kababayan. Ano man ang magiging bunga ng dialogue ay ipaabot na lamang sa kaalaman ng iba pa nating kababayan. Sa mga nagtratrabaho sa media, may tanggapan ang DFA na nangangasiwa ng tungkol dito.*

*Nililinaw ng pasuguan ng Embahada na walang authorize o deputize na mga ahensyang pribado o indibidwal para mamahala sa pagkuha ng appointment. Ito ay upang maiwasan ang scam. Hinihikayat ang mga aplikante na dumirekta sa pasuguan ng embahada at gamitin ang lahat ng posibleng paraan sa pagkuha ng appointment.*

*Anumang programa at serbisyo ay maaaring sumangguni sa sumusunod:*

- Alagang Kabayan Laban sa COVID-19 application: <https://www.polorome.com/covid19/owwa-aca/>
- POLO Rome contacts: website: [www.polorome.com](http://www.polorome.com) POLO e-mail: [services@polorome.com](mailto:services@polorome.com)
- OWWA e-mail: [owwa@polorome.com](mailto:owwa@polorome.com) | [rome@owwa.gov.ph](mailto:rome@owwa.gov.ph)  
Facebook: [www.facebook.com/POLOromeIT](https://www.facebook.com/POLOromeIT) COVID-19 Portal: [www.polorome.com/COVID19](https://www.polorome.com/COVID19)
- International Arrival Process for OFWs at Ninoy Aquino International Airport effective 01 February 2021 : <https://www.facebook.com/PHinItaly/posts/1829543117209471>
- For SSS concerns, you may contact this no. 0639739341

- For Pag-IBIG , you may email us at [poprome@pagibigfund.gov.ph](mailto:poprome@pagibigfund.gov.ph) or call/send message at 3899112496

Ang mga sumusunod ay ang mga kasagutan (S) sa mga katanungan (T) na inihapag sa embahada sa panahon ng dayalogo:

## 1. CONSULAR SERVICES

- T. *Sa kahirapan sa pagkuha sa online appointment, walang kaalaman at downloaded application?***
- S. Ang pagkuha ng appointment ay may tatlong pamamaraan; 1) online gamit ang [romepe.timetap.com](http://romepe.timetap.com), 2) telepono, 3) email (mas iminungkahi para sa nahihirapan sa timetap). Simula noong Lunes (March 8) *staggared* na ang pagbibigay ng appointment na siyang ipinatutupad sa lahat ng bansa upang maiiwasan ang mga sumusunod: a) pag-aaksaya ng oras sa pagbabantay ng open slot sa araw-araw at b) upang maiiwasan ang “hoarding of slots” o pagkuha ng maraming slot ng iisang tao lamang gamit ang iba’t ibang email account. Ito’y bahagi ng pagpapaunlad sa sistema ng pagkuha ng online appointment.
- T. *Bakit tumatagal mula anim hanggang isang taon ang pagkuha ng appointment para sa renewal ng passport?***
- S. Nagkaroon ng isang buwang backlog noong panahon ng pandemiya dahil sa mga “health protocols” ng bansang Italya at Pilipinas na ipinapatupad sa ating Embahada gaya ng “social distancing” sa loob ng tanggapan. Ngunit tinitiyak na sa mga darating na araw sino mang kukuha ng appointment ay agarang mabibigyan ng skedyul ng kasunod na buwan.
- T. *Sa mga malapit ng mag expired ang validity ng passport at sa mga nasa Pilipinas na kulang na lang sa anim na buwan ang validity ang passport o expired na.***
- S. Sa mga malapit ng mag expire ang passport kinakailangan na sa pagkuha ng appointment for urgent concern ipakita ang petsa ng expiration of passport (maaring ipadala sa email ang fotocopia) upang sila’y mabigyan ng prioridad sa pag renew ng passport.

Pinapakiusapan naman doon sa mga matagal pa ang passport expiration, huwag na muna silang magmamadali upang mapagbigyan ang mga malapit ng mag expire ang passport. Kung nasa Pilipinas, maaring doon na gawin ang renewal.

Binigyan na rin ng awtoridad ang mga Honorary Consular Office sa iba’t ibang bahagi ng Italya na payagan i-extend ng isang taon ang mga expiring passport ng mga Pilipino. Ito ay isa lamang “emergency measure” at sa mga “extreme cases” gaya ng Covid-19 pandemic. Ang layunin nito ay upang ma i-renew ang mga dokumento sa gobyerno ng Italya tulad ng permesso di soggiorno, tessera sanitaria, carta d’identita, patente, atbp.

- T. ***Sa pagpayag ng multiple application (hal. pagsasabay ng renewal ng passport, pagbabayad ng OWWA membership, atbp.) particular sa mga magmumula sa labas ng Roma upang makatipid sa gastos sa biyahe at panahon o ang group or block appointment.***
- S. Ito ay pag-uusapan pa dahil sa kung papaano panatilihin ang social distancing sa loob ng embahada.
- T. ***Tungkol sa volume ng transaction, oras na nilalaan sa bawat transaksyon ng aplikante, at ang mungkahing overtime sa pagbibigay ng serbisyo.***
- S. Halos kalahati sa naging produksyon noon bago mag COVID ay syang nagagawa sa ngayon. Ang office hour ng embahada ay mula 8:00AM – 5:00PM at ang public hour ay mula 9:00 AM – 5:00 PM. Pero sa katunayan, sila ay nagtatrabaho hanggang 8:00PM upang tapusin ang mga reports, back-end processing, at pag sanitize sa mga opisina. Hanggang ganoon oras na lamang upang maiwasan ang posibleng reklamo ng mga katabing gusali.
- Kadalasan tumatagal ng kalahating oras ang bawat aplikante lalo na kung ito ay may kasamang maliit na bata na mahirap kunan ng photo.
- T. ***Papayagan ang mga walk-in applicants tulad ng mga senior citizens, PWD, pregnant women, atbp. at ang sa releasing ng passport o iba pang dokumento na hindi na kailangan ang appointment.***
- S. Sa ngayon ay hindi pinapayagan ang mga walk-in applicants at maging sa releasing ng passport na walang appointment dahil hindi masisigurado kung ilang tao ang dadagsa sa isang araw. Maraming dumarating sa Embahada ng mas maaga sa takdang oras ng kanyang appointment. Binibigyan naman ng prioridad ang mga senior citizens, PWD, pregnant women, atbp ngunit iniwasan lamang natin na magreklamo ang iilan na baka may pinapaboran sa mga nandoon na pinapauna sa pila. May nakatalagang dalawang tao na siyang nangangasiwa sa kaayusan ng pila ng mga aplikante.
- T. ***Kailan muli magsasagawa ng outreach consular service labas ng Roma?***
- S. Kapag pinahintulutan na ng Health Ministry ng Italya at niluwagan ang mga travel restrictions..
- T. ***Bakit walang sumasagot sa hotline number na nakalagay sa Advisory dated Jan. 13, 2021?***
- S. Lahat ng tumatawag o nagpadala ng email sa embahada ay naka-record sa ating log book (sino ang tumawag, araw, oras at phone number) at para na rin sa ating quality control ng serbisyo. Ang hotline number ay gumagana 24hrs/7days at may nakatalaga na tao sa pagsagot sa mga tawag at email. Mas maganda kung email ang gagamitin dahil nagagawang makontrol agad ang mga mensahe.
- Tumatanggap sila ng halos 200 phone calls kada araw.
- T. ***Sa mga kaso na “urgent” o “emergency” na kinakailangan ng travel documents?***
- S. Sa mga may namatayan na kamag-anakan, nagkasakit o naaksidente na kinakailangan na

magbyahe, kaagad-agad itong binibigyan ng travel documents at serbisyo gaya ng Assistance to Nationals (ATN).

Sa iba pang serbisyo tulad ng “notarial”, may tagal lamang ito ng isa hanggang dalawang araw.

Sa mga kumukuha ng dual citizenship, sampung (10) katao lamang ang pinapayagan kada linggo na mag oath taking dahil sa limitadong spasyo ng tanggapan.

- T. ***Sa mga nag expired na passport na-stranded sa Pilipinas at sa mga kinakailangan i-upgrade ang permit-of-stay at sa mga nag-apply ng regularization noong taong 2020***
- S. Binigyan ng pamahalaan ng Italya ng validity extension hanggang April 30 taong kasalukuyan. Sa mga Pilipino na nag-avail ng regularization taong 2020, ang mga ito ay binigyan ng special treatment para ma legalize ang kanilang status sa Italya.
- T. ***Ang sulat mula sa Embahada na dated 2018 (motorizzazione civile) ay hindi na kinikilala ng mga awtoridad para sa renewal ng kanilang driver’s license?***
- S. Inaayos ng Embahada na mai-renew ang kasunduan sa LTO. May mga ilang syudad (comune) na pinapayagan na mai-renew ang driver’s license gamit ang sulat na mayroong petsa na 2018.

## **2. OWWA**

- T. ***Ano ang makukuhang tulong ng mga kababayan natin na nahawaan ng Covid-19?***
- S. Aktibo at hindi aktibong miyembro (regardless of status) ay makakatanggap ng “special financial assistance” na nagkakahalaga sa 200 US dolyar (DOLE-OWWA). Kinakailangan lamang isumite ang pasaporto, permesso di soggiorno at medical certificate. (check “Alagang Kabayan” sa [polorome.com](http://polorome.com))

Tungkol sa moratorium ng membership sa OWWA, nuong taong 2020 ay nagkaroon ng 6-months extension ng membership at mayroon din na 60-days grace period from expiration date. Ang benepisyo ng OWWA ay para lamang sa miyembro nito aktibo man o hindi.

Libre ang quarantine at accommodation expenses sa mga miyembro ng OWWA na magbabakasyon sa Pilipinas. Ngunit ang swab test ay hindi nila sakop, ito ay napapailalim sa serbisyo ng Philhealth.

Sa mga estudyante at turista o iba pang kategorya na hindi OFW, may iba’t-ibang ahensya ang nangangasiwa nito sa ilalim ng IATF (Red Cross, DSWD, DFA, Philhealth).

Sa ngayon ay may mahigit na 200 kababayan natin ang nag-positive sa Covid-19. Ang pondo para sa repatriation ng labi ay manggagaling sa pondo ng Assistance to Nationals (ATN) at kinakailangan itong i-request sa Manila para sa approval. Ang pagbabayad sa repatriation at cremation ay direktang ibinibigay sa funeral parlor o nagbibigay ng serbisyo nito.

### 3. SSS

Tinatanggap ang pagsusumite ng mga benepisyo tulad ng sickness, disability, maternity, retirement at death o funeral benefits. Maaari rin alamin ang kanilang loan statement, verification of contribution.

Wala pang panibagong Advisory kung kailan kinakailangan mag report ang mga pensioner ngunit makakaasa na tuloy-tuloy silang makatanggap ng buwanang pension.

### 4. OAV

T. ***Paano isinasagawa ang pagpaparehistro sa darating na overseas absentee voting?***

S. Ang pagpaparehistro ay isinasagawa sa pamamagitan ng Online

*Binanggit ni Amb. Nolasco ang kanyang pagnanais na maiangat ang kalagayan ng mga Pilipino sa Italya, sa pamamagitan ng enhancement ng kanilang mga skills ng sa gayo'y makakuha ang mga ito ng ibang tipo ng trabaho lalo na sa panahon ng pandemiya, makakuha ng pondo sa EU na maaaring gamitin sa skills enhancement at pangangailangan ng mga trabahador sa sektor ng kalusugan. Ipinahayag din na laging bukas ang tanggapan ng Embahada sa mga mungkahi.*

*Sa pagtatapos ng dialogue, nagkasundo ang magkabilang panig na gawing regular at tuloy-tuloy ang konsultasyon hindi lamang sa usapin ng renewal ng passport kundi ano man ang mga concerns ng ating mga kababayan na nais ipaabot sa kanilang kaalaman.*

*Napagkasunduan na sundan ang nasabing dialogue sa darating na Abril araw din ng Huwebes (pagkakaisahan pa ang eksaktong petsa)*

*Sa ngalan ng SPC ipinaabot ni Fr. Aris ang pasasalamat sa pagpapaunlak sa naganap na dialogue.*

*Ang dialogue ay natapos sa ganap na ika-7 ng gabi.*

Inihanda ng Social Action Commission (SAC-SPC)  
Rome, 9/3/2021